



Magplano ng maaga para sa mga hinaharap na pagdedesisyon sa legal, kalusugan at pinansiyal

Mas madali itong gawin kaysa sa akala ninyo. May tatlong hakbang lang ang gagawin:

- Maghanda ng Testamento/Habilin (Will)
- Gumawa ng isang "Power of Attorney" (Kapangyarihan ng Tagataguyod)
- Maghirang ng isang "Enduring Guardian" (Pangmatagalang Tagapagbantay)

Ang “Will” (Testamento), Kapangyarihan ng Tagataguyod at Pangmatagalang Tagapagbantay ay mga legal na dokumento para sa pagpapalano sa hinaharap. Ang mga ito ay naglalaman ng inyong mga desisyon para sa inyong legal, kalusugan at pinansiyal sa hinaharap.

Bakit mahalaga ang mga dokumento sa pagpapalano tungkol sa hinaharap?

Kung mayroon na kayong mga dokumento para sa pagpapalano sa hinaharap, nakakatiyak na kayo at ang inyong mga mahal sa buhay ay maaalagaan kung may mga kalagayang nabago sa inyong buhay. Ang inyong mga karapatan at kagustuhan ay maigagalang kung ang mga ito ay maayos na nakadokumento.

Kung wala kayong naihandang mga dokumento sa maagang pagpapalano pagsapit ng panahong kinakailangan, ang korte o tribunal ay maaaring maghirang ng isang tao na gagawa ng mga desisyon para sa inyo. Ang pagkakataon na kayo mismo ang hihirang ng inyong kinatawan ay mawawala. Kaya talagang lalong mahusay ang magplano ng maaga.

HAKBANG 1

Maghanda ng isang Testamento

Ang Testamento ay isang legal na dokumento na nagsasaad kung sino ang gusto ninyong magmana ng inyong mga ari-arian kung kayo ay pumanaw. Sa pagkakaroon ng isang Testamento, makakatulong kayo na matiyak na ang inyong mga ari-arian ay maibabahagi sang-ayon sa inyong mga kagustuhan. Kahit na sa akala ninyo ay maliit lamang ang inyong ari-arian, inirerekomenda pa rin na gumawa kayo ng isang Testamento.

Ang sariling-gawang Will Kits (mga kagamitan sa paggawa ng testamento) ay hindi ipinapayo dahil ang isang Testamento ay kailangang sang-ayon sa mga striktong pangangailangan ng batas. Sino mang di-legal na kwalipikado ay maaaring magkamali o gumawa ng alanganin. Kadalasan ay may mga di-klarong sinasabi sa sariling-gawang Testamento. Kung may mga katanungan kung totoo ang mga sinasabi ay maaaring madesisyunan lamang sa Korte Suprema at magresulta nito nang malaking gastosan at pagkaantala.

Mayroon nang Testamento? Pag-isipan kung kinakailangang baguhin ito para naaayon sa kasalukuyang mga sitwasyon. Kabilang sa mga sitwasyon na maaaring baguhin sa inyong Testamento ay:

- ✓ pag-asawa
- ✓ pamimili ng bahay
- ✓ paghiwalay o dibursyo
- ✓ pagsilang ng mga anak o apo sa inyong pamilya
- ✓ pagretiro
- ✓ pagkamatay ng isang tagapagmana, o tagapagpatupad na nakapangalan sa Testamento

Ang Testamento ay isang legal na dokumento na nagsasabi kung sino ang gusto ninyong magmana ng inyong mga ari-arian pagkamatay ninyo

Ano ang tagapagpatupad

Ang isang tagapagpatupad sa Testamento ay magpapatupad sa mga kagustuhan ng isang taong namatay. Ang papel na ginaganap ng tagapagpatupad ay pamahalaan ang estado ng namatay sang-ayon sa mga isinasaad ng Testamento, pamahalaan ang mga gawain at proteksyunan ang mga ari-arian ng taong pumanaw. Ang tagapagpatupad ay kailangang tumupad sa mga ibat-ibang batas at patakaran na sumasaklaw sa pamamahala ng estado ng namatay. Maaaring kailangan niyang ayusin ang mga hidwaan ng inyong mga tagapagmana para magawa ang inyong mga ninanais.

Ang isang tagapagpatupad ay may mahirap na tungkulin at kailangang gampanan ito ng isang taong pinagkakatiwalaan – o maaaring pumili kayo ng isang abogado, tenedor de libro (accountant) o ang NSW Trustee & Guardian (Pinagkakatiwalaan at Tagapagbantay sa NSW) kung hindi ninyo gustong maging pagbigat sa pamilya o mga kaibigan sa panahon ng pagluluksa.

Sino ang nangangailangang magplano para sa hinaharap?

Lahat nang lampas sa edad 18, na may kakayahan, ay dapat pag-isipang magpapalano para sa hinaharap. Ang ibig sabihin ng kakayahan ay kakayahan ng isang taong makaintindi sa kahalagahan ng mga desisyong gagawin. Kung ang isang tao ay walang kakayahan, ang desisyon na nagawa ay maaaring di-legal na tatanggapin.

Kung may mahal kayo sa buhay na akala ninyong kailangang gumawa ng isa o lahat nitong mga dokumento, sabihin sa kanila ang tungkol sa website planningaheadtools.com.au. Ito ay magandang simula ng usapan.

Saan ako magsisimula sa proseso ng pagpapalano sa hinaharap?

Ang mga dokumento ng pagpapalano para sa hinaharap ay kailangang ihanda ng propesyonal sa batas katulad ng isang "solicitor" (abogado) o ang NSW Trustee & Guardian.

HAKBANG 2

Gumawa ng isang Kapangyarihan ng Tagataguyod

Ang Kapangyarihan ng Tagataguyod ay isang legal na dokumento na naghihirang ng isang tao o samahang pagtitiwala (trustee organisation) upang pamahalaan ang inyong mga pinansiyal at legal na gawain habang kayo ay nabubuhay. Ang tao o organisasyong ito ay kilalanin bilang inyong tagataguyod. Ang tagataguyod na ito ay hindi makapagdedesisyon tungkol sa inyong estilo ng pamumuhay, pagkakagamot o kapakanan. Ang Kapangyarihan ng Tagataguyod ay magtatapos sa inyong pagkamatay.

Kailan mamahala sa aking mga gawain ang isang tagataguyod?

Maaari kayong gumawa ng isang Kapangyarihan ng Tagataguyod kung kayo ay mangibang-bansa at mabigyan ang inyong tagapagtaguyod ng kakayahang magbayad ng inyong mga bayarin o mamahala sa inyong mga pinansiyal habang kayo ay nasa malayo. Gayundin, ang Kapangyarihan ng Tagataguyod ay nakakatulong din sa inyo kung kayo ay may sakit o hindi na ninyo kayang pamahalaan ang mga gawaing pampinansiyal. Hindi ibig sabihin nito na mawawalan kayo ng kontrol sa inyong mga gawaing pampinansiyal. Binibigyan lamang nito ng pormal na awtoridad sang-ayon sa inyong tagubilin. Ang inyong Kapangyarihan ng Tagataguyod ay maaaring ikansela (bawiin) sa anumang oras basta mayroon pa kayong kakayahan sa pag-iisip na gumawa nito.

Ang Kapangyarihan ng Tagataguyod ay isang legal na dokumento na naghihirang sa isang tao o "trustee organisation" na pinili ninyong mamahala sa inyong mga gawaing pampinansiyal at panglegal habang kayo ay nabubuhay

Ano ang pagkakaiba ng ordinaryong Kapangyarihan ng Tagataguyod at ang Enduring Power of Attorney (Pangmatagalang Kapangyarihan ng Tagataguyod)?

Ang ordinaryong Kapangyarihan ng Tagataguyod ay mawawalan ng epekto kung ang naghihirang ay nawalan ng kakayahan sa pag-iisip. Ang Pangmatagalang Kapangyarihan ng Tagataguyod ay patuloy na may epekto kahit mawalan kayo ng kakayahang mamahala sa inyong mga gawain. Maaari kayong gumawa ng kahit ano sa dalawa ngunit pag-isipang gumawa ng Pangmatagalang Kapangyarihan ng Tagataguyod baka sakaling mawalan kayo ng kakayahan sa pag-iisip o dahil sa pagkakaedad. Sa oras na mawalan kayo ng kakayahan sa pag-iisip, hindi na kayo makapaghirang. Kung hindi na ninyo kayang pamahalaan ang inyong mga gawaing pampinansiyal at wala kayong Pangmatagalang Kapangyarihan ng Tagataguyod, maaaring kailangang mag-aplay sa korte o tribunal upang humirang ng isa ninyong pampinansiyal na tagapamahala.



HAKBANG 3

Humirang ng isang Pangmatagalang Tagapagbantay

Ang isang Pangmatagalang Tagapagbantay ay makapagdesisyon tungkol sa kalusugan at uri ng inyong pamumuhay (lifestyle) kung kayo ay mawalan ng kakayahang sa pag-iisip. Mahalaga na mayroon kayong Pangmatagalang Tagapagbantay at Kapangyarihan ng Tagataguyod. Ang inyong abugado o tagataguyod ay **hindi** makapagdesisyon kung saan kayo maninirahan, kung anong mga pagpapagamot o anong mga serbisyo ang ibibigay sa inyo. Ang inyong Pangmatagalang Tagapagbantay ang makapagdesisyon para sa inyo. Ang hinirang ninyong Pangmatagalang Tagapagbantay ay gagana lamang kapag mawalan na kayo ng kakayahang magdesisyon sa kalusugan at kabuhayan ninyo.

Ang Pangmatagalang Tagapagbantay ay makapagdesisyon tungkol sa:

- ✓ tirahan
- ✓ pagkaka-alaga ng kalusugan
- ✓ permiso sa pagkakagamot/dentista
- ✓ mga serbisyo katulad ng “meals on wheels”

Sa pagpili kung sino ang hihirang Pangmatagalang Tagapagbantay, pag-isipan kung sino ang nakakaintindi sa inyong mga itinatangi at ninanais at may kakayahang gumawa ng tamang desisyon para sa inyo.

Ang Pangmatagalang Tagapagbantay ay maaaring gumawa ng desisyon tungkol sa kalusugan at uri ng pamumuhay ninyo kung nawalan na kayo ng kakayahang magdesisyon sa hinaharap

Pag-isipan din ang tungkol sa Advance Care Planning (Maagang Pagpapalano sa Pagkaka-alaga)

Ang Maagang Pagpapalano sa Pagkaka-alaga ay isang paraan na makakatulong sa pagplano ng inyong pagkakagamot sa hinaharap. Kasama sa prosesong ito ang pag-iisip tungkol sa inyong mga itinatangi, paniniwala at kagustuhan kaugnay sa uri ng pagpapagamot at pagkaka-alaga sa kalusugan kung hindi na ninyo kayang magdesisyon. Ang mahalagang bahagi ng proseso ng pagpapalano ay ang pag-uusap ninyo sa mga taong malapit sa inyo at sa inyong doktor.

Ano ang “Advance Care Directive” (Maagang Tagubilin sa Pagkaka-alaga)?

Bilang bahagi ng Maagang Pagpapalano sa Pagkaka-alaga (Advance Care Planning), maaaring magsulat ng Advance Care Directive (Maagang Tagubilin sa Pagkaka-alaga). Ang Maagang Tagubilin sa Pagkaka-alaga ay naglalaman ng mga natatanging kagustuhan ninyo tungkol sa inyong pagkakagamot kung sakaling nagkasakit o napinsala kayo ng malala at ang mga aayawan ninyong pagkakagamot. Ang (Maagang Tagubilin sa Pagkaka-alaga) ay kadalasang isinusulat sa tulong ng inyong doktor at kapamilya. Kung mahusay ang pagkagawa, ito ay tinatanggap na bilang legal.

Listahan sa pagpapalano para sa hinaharap

Itong listahan ay makakatulong sa inyo na mag-isip kung ano ang gagawin bago magplano para sa hinaharap at kung ano ang dadalhin sa pagtitipan upang gawin ang mga dokumento.

Ang Inyong Testamento

- Mga detalye ng inyong mga ari-arian, halimbawa: lote, bahay, pera sa bangko, "superannuation" at mga pinapatubuan
- Mga tagapagmana – sino ang mga magmamana ng inyong mga ari-arian? Ibigay ang kanilang mga pangalan at lugar ng tirahan
- Mga natatanging regalo na gusto ninyong ibigay, halimbawa: ang mga personal na bagay o halaga ng pera na gusto ninyong ibigay sa partikular na tao o mga samahan? Maaari din kayong mag-iwan ng regalo sa isang kawanggawa o samahan para sa patuloy na pagkaka-alaga ng inyong mga alagang hayop.
- Pangalan ng mga gusto ninyong mahirang bilang tagapagbantay ng inyong mga anak
- Tagapagpatupad– pangalan ng samahan o indibidwal na magpapairal sa mga kagustuhan ninyo sa inyong Testamento
- Mga detalye ng inyong pagpapalibing
- Magdala ng mga pagkakilanlan sa inyong tipanan

Powers of Attorney (Mga Kapangyarihan ng Tagataguyod)

- Tagataguyod – pangalan ng tao o mapagkakatiwalaang samahan na gusto ninyong magdesisyon tungkol sa inyong mga ari-arian at pampinansiyal. Ito ay isang tao o samahan na pinagkakatiwalaan ninyo, na nakakaintindi sa mga kagustuhan ninyo, may kakayahan sa pamamahala ng kayamanan, walang naglalabanang interes at kikilos lamang para sa mga pinakamahusay ninyong kapakanan.
- Magpasya kung gusto ninyo na ang tagataguyod ay makakapagdesisyon para sa inyo kapag hindi na ninyo kaya, o gusto ninyong gumawa ng Pangmatagalang Kapangyarihan ng Tagataguyod.
- Magsaayos na pumirma ng inyong Kapangyarihan ng Tagataguyod sa harap ng kwalipikadong saksi at tatanggapin nito ng hinirang ninyong tagataguyod.
- Magdala ng numero ng pagbubuwis (tax file number) at mga pagkilanlan sa inyong tipanan (100 points)

Enduring Guardianship (Pangmatagalang Pagbabantay)

- Pumili ng isang/mga taong gusto ninyong gumawa ng desisyon para sa inyong kalusugan at estilo ng kabuhayan
- Magpasya kung anong bahagi ng inyong buhay ang pwedeng madesisyunan ng tagapagbantay
- Pag-isipan kung ano ang mga natatanging tagubilin ang gusto ninyong iparating sa tagapagbantay
- Isaayos ang pagpirma ninyo at ang gusto ninyong tagapagbantay sa porma ng paghirang bilang pangmatagalang tagapagbantay sa harap ng kwalipikadong saksi
- magdala ng mga mapagkilanlan sa inyong tipanan

Advance Care Planning and Directives (Maagang Pagpapalano at mga Tagubilin sa Pagkaka-alaga)

- Pag-usapan ninyo ng doktor at mga kapamilya ang inyong mga kagustuhan tungkol sa kalusugan at pagkaka-alagang medikal sa hinaharap
- Hingin sa doktor na isama sa inyong mga ulat pangmedikal ang Maagang Plano ng Pagka-alaga.
- Isulat ang mga tagubilin tungkol sa inyong pangkalusugan na pagka-alaga at pagpagamot

Pagtatago ng inyong mga dokumento para sa pagpapalano sa hinaharap

- Magpasya kung saan ligtas na maitatago ang mga dokumento para sa pagpapalano sa hinaharap

Para makapagsimula ng mga dokumento para sa inyong pagpapalano sa hinaharap, tawagan ang:

NSW Trustee & Guardian

1300 364 103
tag.nsw.gov.au

The Law Society of New South Wales upang maghanap ng isang abogado/solicitor

02 9926 0300 (Sydney) or 1800 422 713 (labas ng Sydney)
lawsociety.com.au

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga dokumento sa pagpapalano para sa hinaharap, bumisita sa planningaheadtools.com.au o sa [facebook.com/planningaheadtools](https://www.facebook.com/planningaheadtools)

Saan itatago ang aking mga dokumento sa pagpapalano para sa hinaharap?

Magandang kaisipan na itago ang mga dokumento ng pagpapalano para sa hinaharap sa isang ligtas na lugar. Maraming mga Australyano ang nagtatago sa kanilang Testamento sa isang aparador o “drawer” sa bahay kung saan madaling mawala, masira o manakaw. Ang NSW Trustee & Guardian Will Safe (Ang Taguan ng Testamento ng NSW Trustee & Guardian) ay may ligtas na taguan ng inyong mga dokumento sa pagpapalano para sa hinaharap.

Para makapagsimula ng mga dokumento para sa inyong pagpapalano sa hinaharap, tawagan ang:

NSW Trustee & Guardian

1300 364 103

tag.nsw.gov.au

The Law Society of New South Wales upang maghanap ng isang abogado/solicitor

02 9926 0300 (Sydney) or

1800 422 713 (labas ng Sydney)

lawsociety.com.au

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga dokumento sa pagpapalano para sa hinaharap, bumisita sa planningaheadtools.com.au o sa [facebook.com/planningaheadtools](https://www.facebook.com/planningaheadtools)

Kung kailangan ng isang interpreter, tumawag po sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa 131 450 at hingin sa kanila na tumawag sa Planning Ahead Tools (ang mga kagamitan sa pagpapalano sa hinaharap) na linyang pang-impormasyon sa 1300 887 529.

NSW Trustee & Guardian

 **WILL SAFE**

Walang peligrong pagkakatago ng inyong Testamento, Kapangyarihan ng Tagataguyod at Pangmatagalang Tagapagbantay



Walang peligro, di-masusunog
na pagkakatago ng dokumento



Ginawan ng mga kopya sa **“digital”** at itinago

Mababawasan

ng **40%***

sa pangkaraniwang bayad

para sa mga may-hawak ng NSW Seniors Card

*kapag nagdedeposito ng 3 dokumento.



Tawagan ang NSW Trustee & Guardian ngayon para sa isang pakikipagtipan:

1300 364 103 o www.tag.nsw.gov.au



NSW Trustee & Guardian